


Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

Unang Markahan – Modyul 13: Sanhi at Bunga



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 13: Sanhi at Bunga
Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Darlene Joy A. Huelar

Editor: Jonathan F. Bernabe

Tagasuri: Perlita E. Dela Cruz, Elisa N. Lajera, Elisa N. Lajera, Jammie A. Esguerra,
Christine M. Cordero, Shaine Rita I. Krebs

Tagaguhit: Romdel F. Partoza

Tagalapat: Leonila L. Custodio, Jhunarlyn Apple O. Busia

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Elpidia B. Bergado
Noel S. Ortega
Maribeth C. Rieta
Leonila L. Custodio
Julie Anne V. Vertudes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

**Komunikasyon at
Pananaliksik sa Wika at
Kulturang Pilipino
Unang Markahan – Modyul 13:
Sanhi at Bunga**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang ugnayang sanhi at bunga. Ang sakop ng modyul ay magamit sa ano mang kalagayan ng mag-aaral. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pag-unawa ng mag-aaral na naaayon sa pamantayan nito.

Kasanayang Pampagkatuto:

- Natitiyak ang mga sanhi at bunga ng mga pangyayaring may kaugnayan sa pag-unlad ng wikang pambansa (**MELCs**)

Layunin:

- Matukoy ng mga mag-aaral ang sanhi at bunga ng mga pangyayaring may kaugnayan sa pag-unlad ng wikang pambansa.
- Makabubuo ng isang maikling talata gamit ang sanhi at bunga.
- Magamit at mapahalagahan ang kasaysayan ng pag-unlad ng wikang pambansa gamit ang sanhi at bunga.



Subukin

Panuto: Isulat ang letra ng wastong sagot na nagsasaad ng sanhi at bunga. Isulat sa sagutang papel.

1. Napili ang Tagalog sapagkat ito ang intelektwalisadong wika na matatagpuan sa Pilipinas.
 - a. sanhi
 - b. bunga
2. Dahil sa pagpapatupad ng paggamit ng wikang Filipino bilang wikang Pambansa kaya marami na ang gumagamit nito.
 - a. sanhi
 - b. bunga
3. Ang wikang Pambansa ay naging daan sa pagkakaunawaan kaya ipinanukala ito ni Pangulong Quezon.
 - a. sanhi
 - b. bunga
4. Kulang na kulang ang mga aklat na nalimbag hinggil sa wikang katutubo kaya naman hindi ito napapag-aralan ng mga mag-aaral.
 - a. sanhi
 - b. bunga
5. Salamin ng pagkakakilanlan ng isang bansa ang kaniyang sariling wika dahil ito ang bumubuo ng kanyang katauhan.
 - a. sanhi
 - b. bunga
6. Buhat sa mensahe ni Pangulong Quezon sa Unang Pambansang Asemblea ay dapat magtaglay ng wikang sinasalita at nauunawaan ng lahat.
 - a. sanhi
 - b. bunga
7. Ayon sa Komisyon ng Wikang Pambansa ay habang nililinang ang Filipino ay dapat itong payabungin at payamanin nang nakasalig sa katutubong salita upang mabigyan ng pagpapahalaga ang ibang wika sa Pilipinas.
 - a. sanhi
 - b. bunga

8. Sensitibong bagay ang pagbabago ng polisiya kaugnay sa wika kaya naman ay dapat na maging maingat ang pangulo sa pagpili ng karapat-dapat italaga.
 - a. sanhi
 - b. bunga
9. Napatunayan na ang wikang Filipino ay kayang tanggapin sa iba't ibang rehiyon at gawing katuwang ng wika ng rehiyon sapagkat ang komposisyon nito ay hindi nalalayo sa naturang wika.
 - a. sanhi
 - b. bunga
10. Bunga ng pagpapatupad ng Edukasyong Bilingguwal ay dalawang wikang umiiral sa bansa ang gagamiting panturo sa paaralan.
 - a. sanhi
 - b. bunga
11. Dapat magtatag ang kongreso ng isang komisyon ng wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon at disiplina upang mas mapalaganap at mapaunlad ang wikang Filipino.
 - a. sanhi
 - b. bunga
12. Ayon sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 7, ang Wikang Pambansa ay tatawaging Pilipino dahil sa masyadong mahabang katawagan ang "Wikang Pambansang Pilipino".
 - a. sanhi
 - b. bunga
13. May sarili nang palatitikan ang ating mga ninuno bago pa man dumating ang mga Kastila kaya't masasabing mayaman ang ating kultura.
 - a. sanhi
 - b. bunga
14. Nagkaroon ng iba't ibang rebisyon sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino upang mas mapalawak at mapaunlad pa nito ang wika.
 - a. sanhi
 - b. bunga
15. Kailangang ganyakin at itaguyod ang wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo nang makabuo ng orihinal na obra at mga materyales na reperensiya sa iba't ibang disiplina.
 - a. sanhi
 - b. bunga

Aralin

1

Sanhi at Bunga

Ang araling ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang matukoy ang ugnayang sanhi at bunga. Bago ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay sagutan mo muna ang mga susunod na gawain.



Balikan

Sagutin ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang kahulugan ng sanaysay?
2. Bakit mahalagang malaman ang uri at elemento ng sanaysay sa pag-aaral ng wika?



Mga Tala para sa Guro

Basahing mabuti ang panuto sa bawat bahagi ng modyul. Tiyaking nakasusunod sa bawat gawain upang matamo ang layunin nito.



Tuklasin

Sanhi at Bunga

Ang sanhi ay isang pangyayari na maaaring humantong sa isang bunga. Halimbawa, narinig mo ang sirena ng trak ng bombero. Ano ang maaaring bunga ng sirenang ito?

Isang maaring mangyari ang ikagulat at ikabahala ang sirenang narinig. Kaya ang naging bunga ng sirena sa iyo ay nagulat at nabahala ka.

May palatandaang salita o pahayag na karaniwang ginagamit sa pagpapahayag ng pagkakaroon ng sanhi at bunga: kaya, kaya naman, dahil sa, dahil dito, buhat nang, bunga nito, tuloy, sapagkat, pagkat. Ang mga salita o pahayag na ito ay tinatawag ding mga pang-ugnay.

Halimbawa: Naranasan ni Pangulong Manuel L. Quezon na sa sarili niyang bansa ay hindi sila nagkakaintindihan ng mamamayan, gumawa siya nang hakbang at isang ahensya na mag-aaral ng magiging batayan ng wikang pambansa, at ito ay ang Surian ng Wikang Pambansa.

Sanhi: Naranasan ni Pangulong Manuel L. Quezon na sa sarili niyang bansa ay hindi sila nagkakaintindihan ng mamamayan

Bunga: gumawa siya nang hakbang at isang ahensya na mag-aaral ng magiging batayan ng wikang Pambansa

Paano mo masasabing ang mga pahayag ay sanhi o bunga? Ipaliwanag.






Suriin

Basahin ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang ang **tsek** (✓) kung ang pahayag ay **sanhi** at **ekis** (x) kung ito ay **bunga**.


- _____ 1. Sa resulta ng pag-aaral ng Surian ng Wikang Pambansa, naging malinaw ang katayuan na magkaroon ng isang wikang gagamitin sa buong bansa.
- _____ 2. Walang isang wikang pinairal noon sapagkat sa halip na ituro ang wikang Espanyol, ang mga paring dayuhan ang nag-aral ng mga katutubong wika.
- _____ 3. Tagalog ang sinasalita ng mayorya sa bansa, kaya ito ang napiling batayan ng pagkakaroon ng Wikang Pambansa.
- _____ 4. Hinirang ni Pangulong Manuel Luis Quezon ang unang mga Kagawad ng Surian ng Wikang Pambansa sapagkat kailangang may mangasiwa sa pagpili ng wikang Pambansa.
- _____ 5. Ang kilusang Propaganda ay nagsimulang gumamit ng wikang Tagalog kaya naisulong ang paggamit ng wikang Tagalog sa mga pahayagan.



Pagyamanin


Basahin at unawain ang panuto sa bawat bahagi ng Gawain. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Pagsasanay 1.1 Hanapin sa loob ng talata ang mga pangungusap na nagsasaad ng ugnayang sanhi at bunga.



Sa kasalukuyan, ang wikang Filipino ay maituturing nang isang intelektwalisadong wika sapagkat ito ang pangunahing gamiting wika sa pagtuturo. Ito ay mula sa mababang antas hanggang gradwado. Kabalikang wikang Ingles ang wikang Filipino dahil sa malayang nagkakapalitan ang dalawang wika. Ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay nakabatay pa rin sa Ingles. Ang mga paksang panturo ay isinasalin mula sa Ingles patungo sa wikang Filipino. May mga panghihiram ding nagaganap dahil magkatuwang ang dalawang wika upang ito ay mahusay na magamit. Nagagamit na rin ito sa mga gawain ng pamahalaan. Ang mga batas ay may katumbas na salin sa Ingles at Filipino upang matugunan ang pangangailangan ng mas nakararami sa pag-unawa nito.

Sa pagsulong ng nakakarami na panatilihin ang Ingles bilang wikang panturo at maging ng sangay ng pamahalaan ay nagresulta sa pagsilang ng Edukasyong Bilingguwal. Ito ay ang pagkakaroon ng dalawang opisyal na wikang gagamitin. Ang Ingles at Filipino na malayang gagamitin sa pagtuturo sa mga paaralan.



Pagsasanay 1.2 Mula sa teksto sa unang pagsasanay. Punan ang tsart ng sanhi at bunga ayon sa mga sumusunod. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sanhi	Bunga
	Maituturing na intelektwalisadong wika ang Filipino.
Malayang nagkakapalitan ang dalawang wika.	
Ang mga batas ay may katumbas salin sa Ingles at Filipino.	
	Pagsilang ng Edukasyong Bilingguwal.
Magkatuwang na ginagamit ang wikang Filipino at Ingles.	

Pagsasanay 1.3 Bumuo ng maikling talata na nagpapahayag ng ugnayang sanhi at bunga. Gamitin ang ang mga sumusunod na pang-ugnay.


- a. kaya,
- b. sapagkat,
- c. dahil dito,
- d. buhat nang,
- e. bunga nito,



Isaisip

Gamit ang teknik na **Three Minute Review**. Isulat ang naging pag-unawa sa paksang tinalakay sa aralin nang may pag-aantas.

Ganap na Naunawaan	Bahagyang Naunawaan	Kailangan Pang Pag-aralan



Isagawa

Bumuo ng isang maikling talata na binubuo ng 4-7 pangungusap. Tiyaking ito ay naglalahad ng kahalagahan ng paggamit ng mga kabataan ng wikang pambansa sa pagpapaunlad ng wika. Kinakailangang nagpapakita ito ng konsepto ng sanhi at bunga. Lumikha ng sariling pamagat.

Pamatayan sa pagsulat

Nilalaman -----10

Kahusayan sa paggamit ng salita ----- 5

Pagbabantas ----- 5

Kabuuan ----- 20




Tayahin

Panuto: Isulat ang letra ng wastong sagot na nagsasaad ng sanhi at bunga. Isulat sa sagutang papel.

1. Dahil sa pagpapatupad ng paggamit ng wikang Filipino bilang wikang Pambansa kaya marami na ang gumagamit nito.
 - a. sanhi
 - b. bunga
2. Kulang na kulang ang mga aklat na nalimbag hinggil sa wikang katutubo kaya naman hindi ito napapag-aralan ng mga mag-aaral.
 - a. sanhi
 - b. bunga
3. Salamin ng pagkakakilanlan ng isang bansa ang kaniyang sariling wika dahil ito ang bumubuo ng kanyang katauhan.
 - a. sanhi
 - b. bunga
4. Buhat sa mensahe ni Pangulong Quezon sa Unang Pambansang Asambleya ay dapat magtaglay ng wikang sinasalita at nauunawaan ng lahat.
 - a. sanhi
 - b. bunga
5. Bunga ng pagpapatupad ng Edukasyong Bilingguwal ay dalawang wikang umiiral sa bansa ang gagamiting panturo sa paaralan.
 - a. sanhi
 - b. bunga
6. Napili ang Tagalog sapagkat ito ang intelektwalisadong wika na matatagpuan sa Pilipinas.
 - a. sanhi
 - b. bunga
7. Ang wikang Pambansa ay naging daan sa pagkakaunawaan kaya ipinanukala ito ni Pangulong Quezon.
 - a. sanhi
 - b. bunga

8. Ayon sa Komisyon ng Wikang Pambansa ay habang nililinig ang Filipino ay dapat itong payabungin at payamanin nang nakasalig sa katutubong salita upang mabigyan ng pagpapahalaga ang ibang wika sa Pilipinas.
- sanhi
 - bunga
9. Napatunayan ng wikang Filipino na kaya itong tanggapin sa iba't ibang rehiyon at gawing katuwang ng wika ng rehiyon sapagkat ang komposisyon nito ay hindi nalalayo sa naturang wika.
- sanhi
 - bunga
10. Sensitibong bagay ang pagbabago ng polisiya kaugnay sa wika kaya naman ay dapat na maging maingat ang pangulo sa pagpili ng karapat-dapat itataga.
- sanhi
 - bunga
11. Nagkaroon ng iba't ibang rebisyon sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino upang mas mapalawak at mapaunlad pa nito ang wika.
- sanhi
 - bunga
12. Kailangang ganyakin at itaguyod ang wikang Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo nang makabuo ng orihinal na obra at mga materyales na reperensiya sa iba't ibang disiplina.
- sanhi
 - bunga
13. May sariling palatitikan ang ating mga ninuno bago pa man dumating ang mga Kastila kaya't masasabing mayaman ang ating kultura.
- sanhi
 - bunga
14. Ayon sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 7, ang Wikang Pambansa ay tatawaging Pilipino dahil sa masyadong mahabang katawagan ang "Wikang Pambansang Pilipino".
- sanhi
 - bunga
15. Dapat magtatag ang kongreso ng isang komisyon ng wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon at disiplina upang mas mapalaganap at mapaunlad ang wikang Filipino.
- sanhi
 - bunga




Karagdagang Gawain

Sa kasalukuyan, ang pagsasalin ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagpapalaganap ng impormasyon kaugnay sa Covid 19. Mahalagang isalin ang mga panuntunan at gabay mula sa Ingles patungo sa ating wikang Pambansa sapagkat ito ang nauunawaan ng lahat. Maglahad ng mga posibleng kagandahang-dulot ng pagsasalin at paano nito napapaunlad ang ating wikang Pambansa. Ilahad ang kasagutan gamit ang ugnayang sanhi at bunga.

Sanhi:

Bunga:



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1. A 2. A 3. B 4. B 5. A 6. A 7. B 8. A 9. A 10. B 11. A 12. A 13. A 14. B 15. A Surtin 1. X 2. ✓ 3. X 4. ✓ 5. X	Pagyaananin Pagsasanay 1.1 1. Ang wikang Filipino ay maituturing nang isang intelektwalisadong wika. sapagkat ito ang pangunahing gamit ng wika sa pagtuturo 2. Kabalikat ng wikang Filipino dahil sa malayang nagkakapalitan ang dalawang wika. 3. May mga panghihiram ding nagaganap dahil magkatuwang ang dalawang wika upang ito ay mahusay na magamit. 4. Ang mga batas ay may katumbas na salin sa Ingles at Filipino upang matugunan ang pangangailangan ng mas nakararami sa pag-unawa nito. 5. Sa pagsulong ng nakakarami na panatilihin ang wikang Filipino at maging nang panturo at maging ng sangay ng pamahalaan upang ito ay mahusay na magamit	Pagsasanay 1.2 1. sapagkat ito ang pangunahing gamit ng wika sa pagtuturo 2. Kabalikat ng wikang Ingles 3. matugunan ang pangangailangan ng mas nakararami sa pag-unawa nito 4. Sa pagsulong ng nakakarami na panatilihin ang Ingles bilang wikang panturo at maging ng sangay ng pamahalaan upang ito ay mahusay na magamit Tayahin 1. A 2. B 3. A 4. A 5. B 6. A 7. B 8. B 9. A 10. A 11. B 12. A 13. A 14. A 15. A
--	--	---

Sanggunian

Alcaraz, C., Austria, R. et.al 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School*. Cubao, Quezon City: Educational Resources Corporation.

Catacatata, P., Espiritu, C. 2005. *Wikang Filipino: Kasaysayan at Pag-unlad*. Manila: Rex Book Store.

Jocson, Magdalene O. et.al 2005. *Filipino 2 - Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Quezon City: Lorimar Publishing Co. Inc.

Mallinlin, Gabriel F. et.al 2002. *Kawil I – Aklat sa Paglinang ng Kasanayan sa Wika at Literatura*. Manila: Rex Book Store.

Santiago, Erlinda M. et.al 1989. *Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad Pangkolehiyo*. Manila: National Book Store.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph